San Francisco Health Plan℠



# Fluoride Treatment para sa Iyong Anak

Maaaring magdulot ng pananakit at mga impeksyon sa iyong anak ang mga cavity (tinatawag ding mga dental cary o pagkabulok ng ngipin). **Maaaring magdulot ang mga cavity ng mga problema** sa pagkain, pagsasalita, paglalaro, at pagkatuto. Isang madaling paraan ang fluoride varnish na maging proteksyon laban sa mga cavity.

**Tawagan ang iyong dentista at magtakda ng appointment ngayon!**

## Kumita ng hanggang $100 para sa una at pangalawang paggamot ng fluoride treatment ng iyong anak!




Ang lahat ng batang may edad na 12 buwan (1 taon) hanggang 47 buwan (3 taon at 11 buwan) ay maaaring makakuha ng fluoride varnish sa kanilang dentista o provider ng pangunahing pangangalaga* (PCP). **Maaari kang makakuha ng $50 gift card pagkatapos ng unang pagbisita para sa fluoride varnish ng iyong anak. Maaari ka ring kumita ng isa pang $50 gift card pagkatapos ng ikalawang pagbisita para sa fluoride varnish ng iyong anak.** Sa kabuuan, maaari kang kumita ng $100 pagkalipas ng dalawang pagbisita! Kailangan mong pumunta sa bawat pagpapatingin para sa kalusugan sa pagtatapos ng taon para makuha ang gift card. Pagkatapos ng bawat pagbisita, awtomatiko kang makakakuha ng gift card sa mail mula sa San Francisco Health Plan (SFHP)! Hindi mo kailangang sagutan ang anumang form upang makatanggap ng gift card.

Ipapadala sa iyo ang gift card sa pamamagitan ng mail pagkalipas ng 8 linggo matapos ang bawat pagpapatingin. Kung lumipat ka kamakailan, mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP para i-update ang iyong address para matiyak na makukuha mo ang iyong mga reward. Kung kukunin mo pa lang ang iyong gift card pagkalipas ng 8 linggo, mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP.

Tiyaking bahagi ng iyong network ang iyong dentista! Kung ang dentista ay hindi bahagi ng iyong network, sisingilin ka para sa iyong pagbisita at hindi ka magiging kwalipikado para sa mga gift card.

Para sa mga miyembro ng Medi-Cal, tumawag sa Medi-Cal Dental sa **1(800) 322-6384** para makahanap ng dental provider. Para sa mga miyembro ng Healthy Workers HMO, tumawag sa Liberty Dental sa **1(888) 703-6999** o Serbisyo sa Customer ng SFHP sa **1(415) 547-7800, 1(800) 288-5555** (toll-free), o **711** (TTY).

**Ang provider ng pangunahing pangangalaga ng iyong anak ay ang doktor, assistant ng doktor, o nurse practitioner na nangangasiwa sa kanyang pangangalagang pangkalusugan.*

Kung mayroon kayong mga tanong, puwede kayong tumawag sa San Francisco Health Plan Customer Service Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 547-7800, 1(800) 288-5555** (toll-free), o **711** (TTY).

# Ano ang Fluoride Varnish?

Ipinapahid ng dentista o provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)* ang isang protective coating sa mga ngipin para maiwasan ang pagkabulok ng ngipin

Ligtas, mabilis, at hindi masakit

Makipag-usap sa iyong dentista o PCP tungkol sa fluoride varnish paglabas ng unang ngipin ng iyong anak

Nakakatulong kahit na gumagamit ka ng mga fluoride drop, tablet, rinse, toothpaste, o umiinom ka ng tubig na may fluoride

Pinakaepektibo kapag ibinibigay ng iyong dentista o PCP nang 2 o higit pang beses bawat taon

Maaaring magkaroon ng paninilaw ang mga ngipin sa maikling panahon. Kapag nagsipilyo kinabukasan, babalik sa normal na kulay ang mga ngipin.

**Siguraduhing nagsisipilyo ang iyong anak nang dalawang beses kada araw gamit ang fluoride toothpaste para mapababa ang panganib ng mga cavity.** Para sa mga sanggol at bata na wala pang 2 taong gulang, sipilyuhin ang kanilang ngipin gamit ang tubig araw-araw sa sandaling makita mo ang kanilang unang ngipin at makipag-usap sa PCP o dentista ng iyong anak bago sila magsimulang gumamit ng anumang fluoride toothpaste.

Matuto nang higit pa sa “Fluoride Varnish” fact sheet sa **sfhp.org/tl/health-ed.**



Sources:

**SFHP Dental Services**

001414TL 0625